# Apat na Dulá ukol sa Adbokasiya ng Positibong Disiplina

**FREDYL B. HERNANDEZ**
fbhernandez@up.edu.ph
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
Philippine Educational Theater Association (PETA)
Philippine High School for the Arts (PHSA)

**ABSTRAK**

Itinatag ng Philippine Educational Theater Association (PETA) ang Advocate Right to Safety Zone Project for Children na mas kilala sa ARTS Zone Project bilang programang pangkultura na nagsusulong ng adbokasiya sa positibong disiplina at karapatang pambata. Layunin ng programang baguhin ang namamayaning kultura ng dahas sa pagdidisiplina ng mga bata at kabataan. Ang positibong disiplina ay ikinakampanya sa publiko bilang alternatibo sa korporal na parusa, at iba pang porma ng marahas at mapanakit na disiplina.

Isa sa mga naging pangunahing pamamaraan ng pagsisiswalat ng adbokasiya ay ang paglikha ng produksiyong panteatro at paglilibot nito sa mga komunidad at paaralan. Unang nabuo ang dulang *Rated: PG* na tumungo sa mga pangunahing lungsod sa Metro Manila. Nang higit pang pinalawak ang saklaw ng programa, nabuo ang tatlong adaptasyon ng dula sa mga rehiyon sa pakikipagtulungan ng mga grupong panteatrong katuwang sa adbokasiya—ang *Ahh… Bakus! (Ahh… Sinturon!)* ng Youth Advocates Through Theater Arts (YATTA) sa Dumaguete City, *Si Al buda an Tsinelas (Si Al at ang Tsinelas)* ng Sining Banwa sa Legazpi City, at ang *Istoryahe Lang Ko (Kausapin Mo Ako)* ng Teatro Guindengan sa Ozamiz City.

Lilimiin ang estetika ng diyalogo sa teksto ng mga dulang ito na tumatampok sa isang karaniwang mag-anak kasama ang kanilang mga hamong kinakaharap sa buhay, ang kontekstong panlipunan na kanilang nilulugaran, at ang mga naging implikasyon nito sa pagdidisiplina sa mga bata sa loob at labas ng tahanan. Ang mga linya ng mga tauhan sa dula maging ang mga akto ng pakikipagdayalogo sa mga eksena ng pagtatanghal ay nagsisilbing mga lunsaran ng pagbubukas ng mga posibilidad sa mga manonood. Sa pagdanas ng teatro, ang publiko ay kagyat na hinihimok na huwag manatili sa pagkakatali sa isang sarado o walang-kawalang kalagayan na problematisasyon ng pagdidisiplina sa mga bata na kadalasang nagreresulta sa marahas na pamamaraan. Inaanyayahan ang lahat na maging malikhain, buksan ang isipan, at kilalanin ang dignidad ng bawat isa, bata man o matanda, upang ang disiplina ay huwag kailan man ituring bilang kasingkahulugan ng parusa.

**Mga susing salita:** diyalogo, adbokasiyang panteatro, karapatang pambata, positibong disiplina

## ABSTRACT

*The Advocate Right to Safety Zone Project for Children, popularly called as the ARTS Zone Project, was established by the Philippine Educational Theater Association (PETA) as a cultural program promoting positive discipline and children's rights. The program seeks to address the prevailing culture of violence in disciplining children and youth. Positive discipline is being campaigned to the public as an alternative to corporal punishment, and other violent and punitive forms of discipline.*

*One of the main strategies in the advocacy campaign was the creation of a theater production and its tour to communities and schools. The play, Rated: PG, was mounted and toured to major cities in Metro Manila. When the program expanded to the regions, three more plays were created through strategic partnership with other theater groups—Ahh… Bakus! (Ahh… Belt!) by Youth Advocates Through Theater Arts (YATTA) in Dumaguete City, Si Al buda an Tsinelas (Al and the Slippers) by Sining Banwa in Legazpi City, and Istoryahe Lang Ko (Talk to Me) by Teatro Guindengan in Ozamiz City.*

*The concept of dialogue as an aesthetic handle will be explored in the textual analysis of the plays which feature an ordinary family and the challenges they face, their social context, and its implications on how children are disciplined within and outside the home. The text as well as the acts of dialogue in the performance serve as gateways in opening up possibilities for change on the part of the audience. In the context of immersing in a theater experience, the public is encouraged to not to be trapped on the problematics of discipline that usually result to violent means. The public is invited to be creative, have an open mindset, and be cognizant of dignity inherent to everyone, to children and adult alike, so as to never equate discipline with punishment.*

**Keywords:** dialogue, theater advocacy, children's rights, positive discipline

Itinatag ang Advocate Right to Safety (ARTS) Zone Project for Children, na mas kilalá sa tawag na ARTS Zone Project, ng Philippine Educational Theater Association (PETA) noong 2009 bílang programang tagapagsulong ng positibong disiplina kasáma ang panawagang ihinto na ang korporal na pagpaparusa sa mga batà. Búnga ang ARTS Zone Project ng mahabang karanasan ng PETA sa pagpapatakbo ng Children's Theater Program (CTP) na binalangkas alinsunod sa mga probisyon ng United Nations Convention on the Rights of the Child (UNCRC). Sa isang punto ng ebalwasyon ng CTP, napagpasiyahan ng pamunuan ng PETA na yakapin ang hámong magkaroon ng programang nakatuon sa isang partikular na bahagi ng karapatang pambata (Belarmino-Cariño, 2). Ito na nga ang nagluwal sa ARTS Zone Project, isang adbokasiyang panteatro na nagsusulong ng karapatang maproteksiyunan ang mga batà sa karahasang nakatago sa pagdidisiplina gaya ng pamamalo at pananakit.

Naging tila kakambal ng ARTS Zone Project ang produksiyong *Rated: PG*, ang banner play ng adbokasiya, lalo na sa mga unang taon ng programa kung saan ipinapakilala pa lámang sa publiko ang layunin nitó. Unang inilibot ang pagtatanghal noong 2011 sa mga pilíng siyudad sa Metro Manila–Caloocan, Makati, Maynila, Pasig, at Quezon. Upang higit na mapalawak ang bílang ng naaabot na publiko, idinagdag paglaon ang mga lungsod ng Las Piñas at Valenzuela, at ang karatig na bayan ng Cainta, Rizal. Naimbitahan din ang produksiyon na makapagtanghal sa iba't ibang pagkakataon gaya ng pagtitipon ng mga opisyal ng mga lokal na pamahalaan sa Metro Manila, at maging sa Batasang Pambansa noong kasagsagan ng kampanya para sa panukalang batas hinggil sa positibong disiplina. Naipalabas din ng maraming beses ang produksiyon sa sariling tahanan ng PETA, ang PETA Theater Center, sa Quezon City. Ang video version naman ng produksiyon ay kasalukuyang mapanonood sa PETA YouTube Channel kung saan pumapalo na sa 383K ang bílang ng mga nakapanood nitó (Full Show Rated: PG).

Hindi lámang sa Kamaynilaan at sa mga karatig na lugar nanatili ang ARTS Zone Project dahil tinúngo rin nitó ang ilang mga pilíng lugar sa rehiyon. Isa sa mga taktika ng popularisasyon ng adbokasiya sa mga probinsiya ay ang pagkakaroon ng mga lokal na bersiyon ng *Rated: PG*. Naging katuwang ng programa ang Youth Advocates Through Theater Arts (YATTA) ng Dumaguete City, Negros Oriental sa pagbuo ng *Ahh… Bakus! (Ahh… Sinturon!),* isang adaptasyon ng *Rated: PG* sa wikang Bisaya na isinulat ni Junsly Kitay, sa direksiyon ni Ricky Nelson Cimafranca. Sa Legazpi City, Albay bumuo naman ang grupong Sining Banwa ng orihinal na dulâ sa wikang Bikol, ang *Si Al buda an Tsinelas (Si Al at ang Tsinelas)* na isinulat at idinerehe ni Roe Jalimao, na ang naging estilo ng paglalahad ng kuwento ay hawíg na hawíg pa rin sa estruktura ng *Rated: PG*. Sa Mindanao, minabuting gawin ng Teatro Guindengan ng La Salle University sa Ozamiz City, Misamis Occidental ang isang direktang pagsasalin ng *Rated:PG* sa wikang Bisaya na may iilang modipikasyon para sa kanilang bersiyong *Istoryahe Lang Ko (Kausapin Mo Ako)* na parehong isinulat at idinerehe ni Felimon Blanco. Nagsimulang lumibot sa mga komunidad sa rehiyon ang mga lokal na bersiyong ito ng *Rated: PG*

noong 2013, at ang pinakahulíng pagtatanghal ay noong 2018 para sa PETA Festival of Windows, isang pagtitipon para sa theater for development kaugnay ng selebrasyon sa ikalimampung anibersaryo ng pagkakatatag ng PETA.

Sa pangkalahatang latag ng mga popular na duláng nalimbag o naitanghal, hindi madalíng tumukoy ng mga halimbawa na espesipikong pumapaksa sa usapin ng disiplina. Sa pagsisimula ng ARTS Zone Project bílang adbokasiyang panteatro, malinaw sa programa na kailangang tugunan ang pangangailangang bumuo ng isang duláng itatanghal na tuwirang mangungusap ukol sa disiplina. Sa kabila ng nasabing konteksto, hindi naman mapasusubalian ang pagiging pamilyar na pamilyar ng publiko sa mga drama ng disiplina dahil hitik sa ganito ang maraming mga panoorin sa telebisyon at maging sa entablado. Asáhan na kapag tampok sa kuwento ang mga miyembro ng pamilya, lilitaw at lilitaw ang mga dramang ito na bagaman hindi sentrong paksa, madalas namang agad na tumatatak sa memorya ng mga manonood. Hindi ba't napakapopular ng linyang "*Akala mo lang wala! Pero meron! Meron! Meron!*" na ginagamit bílang isang 'hugot line' at biro sa maraming pagkakataon? Tumatak sa marami ang eksenang ito mula sa pelikulang *Bata, Bata… Pa'no Ka Ginawa?* (1998) na unang inilimbag bílang nobelang akda ni Lualhati Bautista. Ang mahusay na pagganap ng mga artista sa pelikula at ang pagkapamilyar ng marami sa mga komprontasyon ng magulang at anak sa loob ng tahánan ang siyang nagdalá rito bílang isa sa mga iconic scene ng pelikulang Pilipino. Ang ipinakita sa nasabing eksena ay nagresulta ng malalim na talab sa damdamin at isipan ng mga manonood hatid ng pagpapanumbalik ng memorya ukol sa mga pamilyar at sariling danas ng disiplina.

Ginagalugad ng pag-aaral na ito kung papaanong isinulong ng duláng *Rated: PG* at ng mga lokal na bersiyon nitó sa rehiyon ang adbokasiya ng karapatang pambata at positibong disiplina. Ang linya ng mga tauhan, at ang mga pamamaraan ng pagsasaentablado ng mga dulâ bílang produksiyong panteatro ay itinuturing na mga lunsaran ng posibilidad túngo sa higit na pagtatamasa ng mga batà sa kanilang karapatang maproteksiyunan lában sa dahas partikular ang karahasang nakakubli sa mapanakit na disiplina. Nagbibigay ang mga dulâ ng hámon sa publikong manonood na suriin ang mga popular at nakasanayang porma ng pagdidisiplina sa mga batà nang sa ganoon ay lubos na magampanan ng mga nakatatanda ang kanilang tungkulin bílang mga magulang at tagagabay. Hinihimay rin ng pag-aaral ang ilang bahagi sa ugnayan ng isinasakatuparang disiplina at ang kalagayan ng kaayusang panlipunan. Bahagi ng pag-aaral na ito ang pagturing sa mga duláng pinag-aaralan bílang mga artifact ng sining na kabílang sa mga estratehiya ng ARTS Zone Project sa popularisyon ng adbokasiyang ikinakampanya. Masinsing binuo ang bawat produksiyon partikular ang iskrip nang sa ganoon ay parehong malinaw na taglayin ang mga ideyang ipinapanawagan ng adbokasiya at maging kawili-wiling panoorin ng publiko. Sa maraming beses na pagtatanghal ng mga duláng ito, nagagawa ng ARTS Zone Project ang malawakang pakikipagdiyalogo sa mga miyembro ng komunidad na nagkatipon para tumunghay sa dulâ.

## ANG REALIDAD NG DISIPLINA BÍLANG TEMA AT KUWENTO NG RATED: PG

Kailangang maipakita sa dulâ ang mga pamilyar na eksena ng pagdidisiplina sa mga batà na tipikal na masusumpungan sa maraming mga komunidad sa matatáong lungsod sa bansa. Isa itong tiyak na paraan upang ang kuwento'y kagyat na masakyan ng target na mga manonood na ang karamihan ay mula sa hanay ng panggitnang uri hanggang sa maralitang sektor ng lipunan. Kung ang nilalayon ay malawak na pagsuporta sa adbokasiya, marapat lámang na ibahagi sa hanay na ito ng mga mamamayan ang malinaw na pagkilala sa karapatang pambata at pagpapahalaga sa positibong disiplina bílang alternatibo sa tinatangkilik ng karamihan na marahas na uri ng pagdidisiplina.

Hindi lámang kailangang makita ng mga manonood sa dulâ ang namamayaning mga kaisipan at saloobin hinggil sa disiplina, kundi, kailangan ding mahimok ang lahat, batà man o matanda, na mag-isip at limiin ang personal na danas ng disiplina at ng mga posibleng epekto nitó sa sarili at komunidad. Ang mga magulang at matatanda na siyang may atas na tumiyak sa pagtatamasa ng mga batà ng kanilang mga karapatan ay partikular na iniimbitahang suriin ang sarili kung epektibo nga bang nagagampanan ang nasabing papel sa isinasakatuparang pamamaraan ng pagdidisiplina.

Simple at ordinaryo ang kuwentong tinakbo ng *Rated: PG* na isinulat ni Liza Magtoto, isang miyembrong artista-guro ng PETA at premyadong mandudulá. Ang karaniwang pamilyang Pilipino, gaya ng mga pamilyang kinabibílangan ng mga bátang nag-aaral sa pampublikong paaralan na nakatirá sa isang tipikal na barangay sa Maynila, ang siyang inikutan ng kuwento. Sentro ang isang mag-anak na ginagawa ang lahat ng deskarte ng mga magulang para tugunan ang mga pangangailangan sa araw-araw. Ang tatay na si Romy ay naghahanapbuhay bílang delivery man gámit ang kaniyang lumang jeepney. Si Joselle, ang maybahay, ay tumutulong na madagdagan ang kíta nilang mag-asawa sa pamamagitan ng iba't ibang mapagkakakitaan tulad ng pagtitinda ng mga ready-to-wear (RTWs), pagbubukas ng maliit na sari-sari store sa harapán ng kanilang bahay, at pagkakaroon ng isang maliit na catering service. Bukás din ang isipan ng mag-asawa para sa oportunidad na makapagtrabaho sa ibang bansa upang makapaghanda sa mas malaking gastusin sa pag-aaral ng mga anak balang araw.

Malaking hámon ang kinaharap ng mag-asawa nang ang panganay na si Rosalie na nasa hay-iskul ay tila nagrerebelde bunsod ng hindi pagkakatugma ng kung anong gusto nitóng gawin sa kung anong gustong ipagawa sa kaniya ng mga magulang. Ang bunsong si Tonton naman na nása elementarya ay nagkaroon din ng problema sa eskuwelahan mula sa pakikipag-away

niya sa kaklase na siyang naging dahilan para ipatawag sa paaralan si Joselle. Ang dilema ng mag-asawa ay kung paano isasagawa ang nararapat at mabisang pagdidisiplina sa kanilang mga anak. Ayaw ulitin ni Joselle ang kalupitang dinanas mula sa kamay ng kaniyang napakaestriktong nanay. Napagtanto niyang ang hatid ng naranasang kalupitan ay ang paglayo ng kaniyang kalooban sa sariling ina, bagay na ayaw niyang mangyari ngayong siya ay isa na ring magulang. Iba naman ang paniniwala ng asawang si Romy ukol sa pagdidisiplina. Naranasan niyang mapakain ng sabon nang minsang mahúling magmurá ng kaniyang tatay kayâ pagpapakain ng sabon o sili ang ginamit niyang panakot sa bunsong si Tonton nang minsang marinig itong nagsalita nang pabaláng sa kaniyang ate.

Ang problematisasyon sa pagdidisiplinang nakasentro sa pamilya ay higit na pinalawak ng mga eksenang nagpapakita sa mas malawak na lipunang kinapapalooban ng mga batà gaya ng mga sitwasyong masusumpungan sa mga paaralan at kapitbahayan. Ipinahahayag ng mga eksenang ito ang katotohanang konektado sa mas malawak na komunidad at pamayanang kinabibílangan ang paghubog sa mga batà bagaman pangunahing ginagawa sa loob ng tahanan. Mamamalas sa mga eksenang ito na malaki ang kinalaman kung paano tinitingnan at pinakikitunguhan ang mga batà sa mga pagkakataóngsila ay dinidisiplina. Halimbawa, matapos magsuntukan sina Tonton at ang kaklase nitóng si Makmak, agad na pina-squat ang dalawa ng gurong si Mrs. Gulanta. Nang magharap naman sina Joselle at si Wilma, ang nanay ni Makmak, dahil sa gulóng kapuwa kinasangkutan ng mga anak, ipinanukala ng hulí na ang kailangan nilang gawin ay ang parusahan ang dalawang batà, at higit na mainam kung makikita mismo ng bawat isa sa kanila ang gagawing pagpaparusa sa mga anak. Suhestiyon ni Wilma na murahin niya si Tonton mula ulo hanggang paa samantálang maaari namang tadyakan ni Joselle si Makmak, na ayon mismo kay Wilma ay hindi na masamâ dahil mas matindi ang parusang kaniyang ipinanukala sa sariling anak. Nakatatawa ang eksena pero isa itong pagpapakita ng katotohanan ng pagiging awtomatiko ng ilang mga magulang na manakit ng mga anak sakáling may pagkakamaling nagawa ang mga ito. Mapagtatanto ang kaisipan na kung may pagkakamali ang batà, kailangang siyang saktan, at ang katawan pati na ang damdamin ang dapat na pagbalingan, nang sa ganoon ay magtanda o magawang alalahanin ang leksiyong dapat niyang matutuhan.

Isang kabalintunaang sa ngalan ng pagdidisiplina, ang mga magulang at nakatatandang sila sanang inaasahang magbibigay ng proteksiyon sa mga batà ay sila pang nagiging daan o instrumento o tagapagpatupad ng karahasan. Ito ang dahilan kung bakit *Rated: PG* ang pamagat ng dulâ. Halaw ito sa ebalwasyong ibinibigay sa mga panoorin sa telebisyon at pelikula na nagpapahiwatig ng pangangailangan ng paggabay ng magulang habang nanonood ang mga batà. Ipinupunto ng dulâ ang pangangailangang magabayan din ang mga matatanda sa pagganap ng kanilang papel bílang mga magulang at tagapaghubog ng mga batà. Sa pagdidisiplina bílang isang aspekto ng pagtupad sa tungkulin ng pagiging magulang, nararapat lámang na mapatnubayan din ang matatanda lalo na't sa maraming pagkakataon ay nagiging kasingkahulugan na ng pagdidisiplina ang paggamit ng karahasan sa mga batà. Tumutukoy ang 'parental guidance o PG' sa paggabay na kailangang-kailangan at nararapat ding maibigay sa mga magulang. Sa UNCRC, bahagi ng karapatan ng mga batà ang karapatan ng mga magulang na mabigyan ng suporta o maalalayan sa pagpapalaki ng mga anak. Ayon sa Artikulo 18 at 19 ng UNCRC, kailangang gumawa ang estado ng mga programa para matulungan ang mga magulang na gampanan ang kanilang tungkulin. Bahagi ito ng pagtitiyak na naisasakatuparan ang mga karapatang dapat na tinatamasa ng mga batà.

## ANG PAGDIDISIPLINA KAKABIT ANG ILANG MATITINGKAD NA ISYUNG PANLIPUNAN

Ang mga bersiyon sa rehiyon ay hindi naging malayo sa pinagbatayang *Rated: PG*. Tampok pa rin ang isang mag-anak na binubuo ng mag-asawa at dalawang anak na siyang iniikutan ng kuwento ng dulâ. Mayroong koneksiyon sa mga miyembro ng mag-anak ang iba pang mga tauhang nakapaloob sa samot-saring mga eksenang nangungusap ukol sa pagdidisiplina bílang isang problema. Lumilitaw sa kabuoan ang isang imahen ng komunidad na ang mga naninirahang indibidwal ay may direkta o indirektang ugnayan sa isa't isa, at sala-salabid o magkakaugnay ang mga kuwento sa dulâ.

Bunsod ng konsiderasyong lokalisasyon at kontekstuwalisasyon, naging malinaw na kaibahan ng tatlong bersiyon ng *Rated: PG* sa probinsiya ang pagiging litáw na litáw sa mga ito ng mga isyung kinakaharap ng nilulugarang mga komunidad. Sa simula't simula, naging layunin na kailangang madaliang masakyan ng target na manonood ang realidad na tinatalakay ng dulâ. Ang paggamit ng lokal na lengguwaheng kabesado ng lahat ay hindi lámang pagkakaroon ng matibay na salalayan ng pangungusap ng mga isyu sa komunidad kundi isa sa mga pangunahing salik sa pagbuo sa pangkalahatang porma, itsura, o anyo ng produksiyon. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga pamilyar na materyal o lahok sa pagtatanghal, natutulungan ang mga manonood sa "proseso ng identipikasyon at representasyon ng kanilang mga pinanghahawakang pagkakakilanlan na itinatakda ng mga pananaw at pagpapahalaga, kaalaman, tradisyon, kostumbre, paniniwala, at simbolo" (sariling salin mula sa Durden, 280). Dahil madalíng nasasakyan ng mga manonood ang proseso ng identipikasyon at representasyon, inaasahang malilikha ang malalim na pagkakasapol sa ikinakampanyang adbokasiya.

Nakahugis sa internal na daynamiks sa tahanan ang tinutukoy ni Glecy Atienza na "dramang buháy na buháy" o mga dramang tumutukoy sa "maaksiyon at hitik sa tunggaliang pangyayari na mula sa tunay na búhay at isinasalaysay sa paraang "buháy," ibig

sabihin ay gumagalaw, nakalilikha at may kakayahang magparami, umaangkop, at nagbabanyuhay" (2), at kung saan itinuturing ang "tahanan bílang lunan ng mga dramang buháy" dahil "nagaganap sa tahanan ang maraming karanasang hitik sa tunggalian at pagkilos" (9). Mula rito, napalilitaw ang mga isyung panlipunan at nabigyang-diin ang mahalagang dimensiyon na hindi kailanman nananatiling personal o domestiko ang pagdidisiplina sa mga batà. Ang pagiging magulang ay hindi lámang limitado sa loob ng mga tahanan kundi ito ay may kritikal na papel na ginagampanan sa estado ng bansa dahil ayon nga sa sikolohistang si Ma. Lourdes Carandang, "parenting is nation-building" (*Self-worth* 103). Mapagtatantong ang disiplina ay hindi lámang patungkol sa kasalukuyang pagharap sa hámon ng pagresolba o pagtatama sa anumang pagkakamaling nagawa ng isang batà dahil inaasahan din itong magresulta sa hinaharap ng pagtatamo at pagpapanatili ng kaayusan sa lipunan. Hangad ng positibong disiplina ang paghuhubog ng sariling disiplina sa bawat batà (Durrant, 6), may nakatingin mang awtoridad o wala. Hindi kailanman dapat na nakabatay sa tákot at pagpapataw ng parusa ang isinasabuhay na disiplina ng mga mamamayang bumubuo ng isang lipunan.

Ipinakita sa adaptasyon ng YATTA ang problema ukol sa talamak na bentahan ng ilegal na droga kung saan nasasangkot pati ang mga batà dahil sa mismong kagagawan ng mga magulang. Sinabihan ni Chuck ang anak nitóng si Malvin, isang estudyante sa elementarya na naghahangad na makasali sa track and field sa intrams ng kanilang paaralan, na ang pagtakbo nang mabilis para maihatid ang bag ay "… ang pinakanindot na training grounds nimo sa pagdalagan" ("… ang pinakamainam na training grounds mo sa pagtakbo"), at pinaliwanagan pang "… ang kinabuhi mura ug lumba ug dalagan, kung makauna ka sa finish line makuha nimo ang reward" ("… ang búhay ay parang karera at takbuhan, kung mauna ka sa finish line ay makukuha mo ang gantimpala") (Kitay, "Ahh… Bakus!" 7). Madalíng nahimok si Malvin at naging determinadong gawin ang iniutos sa kaniya dahil magagamit niya ang makukuhang perang pambayad sa iaabot na bag upang mapalitan ang sira-sirang sapatos na ginagamit niya sa pagtakbo.

Ang manunulat ng *Ahh… Bakus!* at miyembro ng YATTA na si Kitay ay nakaranas mismo na mautusang tumakbo para maghatid ng bag noong siya ay bat*à* pa (personal na panayam). Lumaki siya sa Looc, isang barangay mal*á*pit sa Silliman University na may nasasakupang tabing-dagat kung saan matatagpuan ang pantalang pinagdaraungan ng mga barko. Matao ang lugar na ito, tab*í*-tab*í* ang kabahayan, at kilal*á*ng pugad ng kaguluhan. Halimbawa, dito nasangkot ang ilan sa kalakaran ng ipinagbabawal na droga. Ginagawang tagatakbo't tagahatid o runner o courier ang mga bat*à* dahil sakali mang mahuli, hindi naman sila maaaring ikulong alinsunod sa itinatakda ng batas.

Ipinakita sa naturang eksena ang malaking hámon sa pagdidisiplina sa mga pagkakataóngmagulang o nakatatanda ang siya mismong pinagmumulan ng problema. May katotohanan sa popular na kasabihang "ang mali sa mata ng batà ay nagiging tama" dahil malaki ang pagtingin at tiwalang ibinibigay ng mga batà sa mga magulang at nakatatandang hindi lámang itinuturing na tagapagbantay kundi karaniwan ding tinitingala bílang modelo. Inilalarawan na ang bátang umiidolo sa kaniyang magulang o matandang pinagkakatiwalaan ay natututo na "effortlessly, totally, deeply, subliminally" (Carandang, "What is Mindfulness?").

Maliban sa bentahan ng ilegal na droga, tinalakay rin sa *Ahh… Bakus!* ang isyu ng tumataas na bílang ng kaso ng kabataang nagpapakamatay. Nabuntis ng kasintahang si Daniel ang dalagitang si Emelie Rose na naging dahilan sa halos pagtatakwil ng napakaestrikto niyang nanay na si Emilia. Isa sa kabataang kasa-kasáma ni Chuck sa pagbebenta ng droga si Daniel, at hindi nitó magawang panindigan ang bunga ng ginawa nila ni Emelie Rose dahil tákot ang namamayani rito. Labis ang pagiging estrikto ni Emilia dahil ayaw nitóng matulad ang anak sa kalagayang sinapit niya na mag-isang pinalaki ang anak matapos siyang iwan ng asawa. Sa dulo'y naging mas malalâ pa sa kaniyang kinatatakutan ang sinapit ng anak nang humantong si Emelie Rose sa pagkitil ng sariling búhay. Bagaman walang direktang sinabi si Emelie Rose ukol sa dahilan ng kaniyang pagpapakamatay, mahihinuhang humantong siya sa sitwasyon kung saan hindi na niya alam kung anong dapat gawin dahil tila ba hinaharap niya ang problema nang mag-isa. Walang siyang tinanggap na pagdamay mula sa kaniyang kasintahan, at ang kaniyang nanay na katangi-tangi niyang pamilya ay halos itakwil siya dahil sa kaniyang nagawa. Hindi ipinakita sa entablado ang akto ng pagpapakamatay. Naging paksa na lámang ito ng usap-usapan. Naging espekulasyon sa paaralan kung ano nga ba ang mabigat na problemang nagtulak kay Emelie Rose upang magpakamatay. Sa isang kuwentuhan ng magbabarkada, pabirong sinabi ng estudyanteng si Jason na, "Aii sus … Usa lang ang rason ana, magpakamatay para mawala na pud ang problima." ("Ay sus … Isa lang ang dahilan niyan, magpakamatay para mawala na nga ang problema.") (Kitay, "Ahh… Bakus!" 21). Sa madamdaming duweto nina Emelie Rose at Rosalie na nangyari bago ang pagpapakamatay, at búhat sa katatapos lámang na komprontasyon sa kani-kaniyang mga nanay, litáw na litáw ang sentimyento ng kabataan. Hindi sila napakikinggan sa mga bagay na gusto nilang sabihin. Mahihinuha sa paulit-ulit na bahagi ng liriko na 'nadungog mo ba' (narinig mo ba) na walang diyalogong namamagitan sa mga pakikipag-usap sa kanilang mga magulang. Kadalasan, patungkol lámang sa kung anong gustong mangyari ng magulang ang namamayani sa mga pag-uusap. Walang puwang ang anak para makapagpahayag ng kaniyang mga saloobin.

> Nadungog mo ba ang hunghung sa akong mga luha
> (Narinig mo ba ang bulong sa aking mga luha)
> Nadungog mo ba ang singgit sa akong mga mata
> (Narinig mo ba ang sigaw sa aking mga mata)
> ..............................................................
> Nadungog mo ba ang istorya sa akong mga damgo
> (Narinig mo ba ang kuwento sa aking mga

panaginip)
Nadungog mo ba ang akong mga pangandoy
(Narinig mo ba ang aking mga ninanais) ... (9)

Hindi kabílang ang isyu ng pagpapakamatay sa bersiyong *Si Al buda an Tsinelas* ng Sining Banwa pero nahagip din sa duláng ito ang nabanggit na kadahilanan. Pakiramdam ng bátang tauhan ng dulâ na si Al na hindi siya napakikinggan sa loob ng kanilang tahanan. Sa isang eksena ng panaginip, kinausap siya ng bagong pares niyang tsinelas upang paaminin sa ginawang pagkuha sa nakatabíng pera sa loob ng kanilang bahay. Habang todo tanggi sa ipinararatang sa kaniya ng mga kausap na higanteng tsinelas ay naibulalas ni Al ang:

> Dae kamo nagdadangog sako! Maski anong taramon ko, dae nindo namamate. Gari wara akong tingog digdi sa harong! Wara akong tingog! Dae nindo ako nadadangog! (Hindi kayo nakikinig sa akin! Kahit anong sabihin ko, hindi ninyo nararamdaman. Parang wala akóng boses dito sa bahay! Wala akóng boses! Hindi ninyo ako naririnig!) (Jalimao, 21).

Konektado ang pakiramdam na ito ni Al sa isa sa mga dahilan kung bakit madalas aburido ang kaniyang tatay. Naganap ang buong kuwento ng *Si Al buda an Tsinelas* sa Biktori, halaw sa tunay na pangalan ng isang lugar sa Legazpi City, ang Victory Village na binubuo ng dalawang magkalapit na barangay sa tabi ng dagat na ang karamihan ay nabubuhay sa pangingisda. Naging malaking isyu ang relokasyon sa Victory Village dahil kinailangang sirain ang maraming kabahayan at paalisin ang mga pamilyang naninirahan dito nang inayos ang pampang para bigyang daan ang pagtatayo ng Embarcadero de Legazpi, isa sa mga kilaláng shopping malls sa siyudad. Nagdesisyon ang direktor at mandudulang si Jalimao na kilalá rin sa pangalang Sari Saysay na isáma ang isyung ito upang ipakita na ang pakikitungo ng mga magulang sa mga anak, kasama na ang gawain ng pagdidisiplina, ay konektado sa mga pagsubok na kanilang kinakaharap sa araw-araw na búhay. Madaliang napagbubuntunan ng gálit ang mga anak dahil kung minsan matindi ang mga alalahanin at sakít sa ulong pinagdaraanan ng mga magulang. Marami sa kanila ang nahaharap sa maraming mga tensiyon sa búhay at hindi nagagawang pangibabawan ang mga sinusuong na hámon. Kayâ, dalá ng iritasyon, págod, at pagkabalisa, madaliang napagbubuhatan ng kamay, nasisigawan, at napagsasabihan ng kung ano-anong negatibong bagay ang mga anak. Litáw na litáw ang kalagayang ito sa karakter ng tatay ni Al na isa sa mga nangunguna sa pag-organisa sa kanilang lugar upang tutulan ang demolisyon. Sa kabila ng ipinamalas na determinasyon, dumating ang puntong halos pumayag na ang ama ni Al na umalis sa Biktori hatid ng tákot sa kung anong maaaring sapitin ng kaniyang mag-anak sa hinaharap. Dahil sa banta ng relokasyon, kinailangang mag-usap nina Al at ang kaniyang mga magulang hinggil sa kung ano ang ‘dapat’ o ‘tamang’ gawin, bagay na madalas na ipinagdidiinan ng mga magulang kapag pinangangaralan o sinesermonan ang mga anak.

PAPA. Nya sisay an makua kaito? Maski arog kita kaini, dae ka maggibo ki maraot. Kun ano an tama, iyo sana an gibuhon mo!

(Eh sino ang kukuha n’on? Kahit táyo ganito, huwag kang gagawa ng masamâ. Kung ano ang tama, ‘yon lang ang gawin mo!)

AL. *Nadidipisilan magtaram ta nagpupugol ki paghibi.* Ano an… tama?

(*Nahihirapang magsalita dahil pinipigilan ang pag-iyak.* Ano ang... tama?)

PAPA. Ano? *Babadulan giraray ki tsinelas sa may payo.*

(Ano? *Muling hahatawin ng tsinelas sa may bandang ulo.*)

AL. *Pipiriton magsuriyaw.* Ano an tama? Ano an tama, Pa? Nata ika? Nagtugot kang bayadan sana ining harong para maglipat kita? Tama daw ito, Pa? Nagtugot ka sanang pahalion kita digdi?

(*Susubuking sumigaw.* Ano ang tama? Ano ang tama, Pa? Bakit ikaw? Pumayag kang bayáran itong bahay para lumipat táyo? Tama ba ‘yon, Pa? Basta ka lang pumayag na paalisin táyo rito?

*Makikigkig si Papa sa tigataram ni Al.*

(*Magugulat si Papa sa sinasabi ni Al.*)

MAMA. Ano …

AL. *Sige pa an hibi.*Sabi mo digdi sana kita, Pa. Sabi mo dae kita maharale digdi ta digdi mo ako muyang padakulaon. Digdi baga an harong ta. Nata ka nagtugot? Para sa sarong sakong bagas? Tama daw ito, Pa?

(*Tuloy pa rin sa pag-iyak.* Sabi mo dito lang táyo, Pa. Sabi mo hindi táyo aalis dito dahil dito mo ako gustong palakihin. Dito ang bahay natin. Bakit ka pumayag? Para sa isang sakong bigas? Tama ba ‘yon, Pa?) (Jalimao, 22)

Bunsod ng nasabing komprontasyon, nakapagbukas ng saloobin si Al sa kaniyang mga magulang. Mahalaga ang diyalogo sa pagitan ng mga magulang at anak. Binibigyang-daan nitó ang ganap na pagkakaunawaan na walang dudang higit ang bisa kaysa sa marahas na disiplina.

## PAGPAPANDAY NG REALIDAD

Ang pangunahing mga tauhan ng *Rated: PG*, ang mag-asawang sina Romy at Joselle, na siya ring pangalan ng mga pangunahing tauhan ng *Ahh… Bakus!* at *Istoryahe Lang Ko*, at ang hindi binigyan ng espesipikong pangalan na sina Papa at Mama ng *Si Al buda ang Tsinelas* ay ang siyang kumakatawan sa mga magulang at nakatatandang tagapangalaga ng mga batà. Sila ang mga magulang na pangkalahatan ay may hindi matatawarang pagmamahal sa kanilang mga anak na pinapahalagahan bílang biyaya ng Maykapal, at pinaghuhugutan ng lakas at inspirasyon sa pagharap sa mga hámon ng búhay. Sa kabiláng banda, sila rin ang maraming mga magulang na madaliang nakapagbubuhat ng kamay sa mga anak dahil kumbinsido sa katwirang walang masamâ kung gumamit ng puwersa at dahas sa pagdidisiplina.

Ganoon pa man, dahil pagkalahatang naipakikita at naipadarama ang pagmamahal sa pagkalinga at paglingap at hindi sa mga pamamaraang mapanakit, hindi maitatatwa ang posibilidad ng pagkakahati ng damdamin ng mga magulang ukol sa kung ano nga ba talaga ang nararapat na pagdidisiplina. Dapat bang gawin din ang kinamulatang katákot-tákot na pamamalong dinanas mula sa sariling mga magulang dahil nakikita ang sarili na pangkalahatan ay ‘okey’ naman? O, huwag nang gumamit ng dahas dahil tákot lámang ang ibinubunga nitó at hindi naman talaga pagkatuto? Sa *Rated: PG* at sa mga bersiyon nitó sa rehiyon, mapapansin na pangkalahatang sang-ayon ang karakter na mga tatay sa paggamit ng karahasan, samantálang ang mga nanay naman ang ayaw o may alinlangan sa paggamit nitó. Sinasabing may kinalaman sa paggamit at pagdanas ng karahasan sa loob ng tahanan ang kinalakihang pagsaksi at pagdanas ng karahasan ng laláking magulang mula sa sarili niyang tatay, at ang kinalakihang pagsaksi at pagdanas ng karahasan ng babaeng magulang mula sa sarili niyang nanay (Mandal at Hindin sa Ramiro at Luna, 20). Sa kaso ni Joselle sa parehong *Rated: PG* at *Ahh… Bakus!*, iba ang makikitang sitwasyon ukol sa paggamit ng karahasan sa pagdidisiplina.

Batid ni Joselle na hindi naging mabuti ang epekto sa kaniya ng pananakit at paninindak sa pagdidisiplina. Nang maranasan niya halimbawang maipasok sa sako at ibitin sa punò, trauma ang naging búnga nitó sa kaniya. Naging tampulan pa siya ng tawanan nang hindi niya magawang sumali sa sack race. Tuluyang lumayo ang loob niya sa kaniyang ina kayâ naman ayaw niyang maulit ang kaparehas na sitwasyon ngayong siya mismo ay isa na ring nanay. Bagaman nauunawaan ang mga bagay na ito, may mga pagkakataong hindi niya maiwasang sumigaw kapag pinapangaralan ang mga anak, o bahagyang mamalo kahit sa harap ng ibang mga tao. At nang minsang sumagot nang pabaláng ang anak na si Rosalie ay agad niya itong nasampal. Sa kabila ng mga nagagawa niyang ito, namamayani sa kaniya ang awa para sa mga anak, at patuloy na binabalikan ang sariling pinagdaanan. Sa dilemang ito ni Joselle napalilitaw ang kahalagahan ng hindi basta pagtanggap at pagsunod sa kung ano ang kinamulatan at patuloy na isinasagawa ng karamihan. Kongkretong ilustrasyon din ito ng realidad ng pagyakap sa positibong disiplina bílang isang proseso; na hindi ang mga perpektong magulang ang halimbawa ng pagdidisiplinang ito kundi yaong nagsusumikap na pag-ibayuhin ang pagganap ng kanilang tungkulin sa kabila ng realidad ng pagmimintis.

Mahalaga ang mga punto ng dilema dahil ito ang nagdadalá sa mga manonood na makita ang pagiging komplikado ng búhay. Layon ng mga ito na ipakita ang realistikong pagkasapol sa pagtatagisan ng iba’t ibang konsiderasyon kapag nahaharap táyo sa gawain ng pamimilì, pagdedesisyon, at pagsasabuhay ng mga bagay na pinagdesisyunan. Nahuhúli natin halimbawa ang ating sarili na taliwas ang ginagawa kompara sa kung ano ang nauna na nating nalimi na siyang dapat nating gawin. Bagaman hindi naman inilagay sa sako o pinarusahan nang katákot-tákot ni Joselle ang kaniyang mga anak katulad ng mga parusang kaniyang dinanas, ayaw pa rin niyang saktan ang mga ito.

Sa isang teatrong nagsusulong ng adbokasiya, importante ang pagpapakita ng komplikasyon ng búhay dahil ginagawa nitóng hindi didaktiko ang gawain ng paghimok sa publiko. Ayon kay Emma Durden, isang

kahinaan ng maraming mga produksiyon sa applied theater ang pagkakatali sa pormularyo ng pagtatampok ng mga "positive role-models" sa entablado (272). Nagreresulta ang ganitong modelo ng dulâ sa kawalang realisasyon sa kakayahan ng teatro na dalahin ang mga manonood sa estado ng kontradiksiyon. Ang mabibigat at mahihirap talakaying isyung tulad ng wastong pagpapalaki at pagdidisiplina sa mga batà ay kinapalolooban ng samot-saring emosyon pati na rin posisyon na malamáng na hindi mapalilitaw sa mga palabas na simplistiko at tahasan ang pagpapanukala at paminsang pagdidikta ng mga kailangang gawin. Kailangang makita at maramdaman ng mga manonood ang inilalarawan ni Helen Nicholson na "messiness of reality" (65)–ang pagsuong sa maraming hindi pagkakatugma-tugma ng mga bagay-bagay nang sa ganoon ay mailapit ito sa realidad ng salimuot na tunay namang matatagpuan sa iba't ibang karanasan sa búhay. May ginagampanang papel ang dilema sa proseso ng pagpapasimula ng pagbubukas ng isipan dahil ang estado ng pagkaligalig ng mga manonood ay hindi malayong magdalá sa kanila sa pag-iisip at pagkakaroon ng sariling repleksiyon. Itong mga "instances of uneasiness and tension" ay inilalarawan nina Art Babayants at Heather Fitzimmons Frey bílang mga "potential precursors to learning" (xix) sa konteksto ng pagdanas ng publiko sa isang panooring panteatro.

## ANG USAPIN NG 'TAMA'

Kapag nangangaral o pinagsasabihan ng mga magulang ang mga anak bílang bahagi ng pagdidisiplina, lagi't laging maririnig ang mga linyang: "Tama ba 'yon?" "Tama ba ang ginawa mo?" "Ito ang dapat mong ginawa dahil ito ang tama." Hindi ba't iyan ang mga katagang narinig sa tatay mula sa duláng *Si Al buda ang Tsinelas* nang pangaralan ang anak matapos maláman na kinupit nitó ang pera? Idinidiin ng tatay na sa kabila ng mahirap nilang kalagayan, hindi sila gumagawa ng masamâ bagkus yaong tama lámang dahil iyon ang nararapat na gawin. Matapos humugot ng lakas ng loob, sumagot si Al na ipinupunto kung ano nga ba ang ibig sabihin ng salitáng "tama." Ang sagot na ito ni Al ay hindi upang sabihin na walang mali o katanggap-tanggap ang mangupit dahil inamin niya pa rin sa hulí ang pagkakamaling ginawa, humingi ng tawad sa kaniyang tatay, at nangakong hindi na mauulit pa iyon. Ang pagtatanong ni Al ukol sa kung ano ang tama ay patungkol sa nalaman niyang desisyon ng ama na tanggapin ang iniaalok sa kanila kapalit ng relokasyon, bagay na taliwas sa nauna nitóng paninidigan na doon lámang sila mananatili sa Biktori. Sa panig ng tatay, mali ba kung magbago ang isip dahil inaalala lámang niya ang magiging hinaharap ng kaniyang pamilya partikular ang kanilang kaligtasan? Isa pang maaaring malimi mula sa tanong ni Al ay ang ukol sa kung papaano nabubuo ang konsepto ng tama o mali sa murang edad ng mga batà. Ano ang nakapaloob sa proseso ng konstruksiyon ng konseptong ito bílang basehan ng kanilang pagkilos? Nangangahulugan ba na basta na lámang nilang tanggapin ang anumang sabihin ng matatanda sa dahilang sila ay matanda, at ang mga batà ay inaasahang bastang sumunod sa simpleng dahilan na sila ay batà?

Sa *Rated: PG* at sa salin ni Blanco na *Istoryahe Lang Ko*, isang awítin ang may iniaalok na sagot hinggil sa tanong na kung ano ang tama. Tanong din kasi ito ni Tonton matapos sabihin ng kaniyang Ate Rosalie na "... hindi mo 'ko dapat sundin dahil lang sa mas matanda ako sa 'yo. Susundin mo ako kasi tama ang sinasabi ko." (Magtoto, 18). Makikita sa sipi ng kanta sa parehong Tagalog at Bisaya ang tila hindi matapos-tapos na pag-uusisa ni Tonton at ang pagsusumikap ni Rosalie na sagutin ang mahirap na tanong ng kapatid:

ROSALIE. …

Magaan sa dibdib kung tama

Kung mali naman bakâ mayro'ng masaktan

Kumain ka ng gulay at matulog lagi nang maaga

Mag-"po" at "opo" sa mga matatanda

Makinig ka lagi sa kanila

(Gaan sa dughan kung tama

Kung sayop pud basin naay masakitan

Mokaon kag utan, ug matulog kag sayo

Motahod ka sa mga magulang

Maminaw jud ka nila)

………………………………….

TONTON. (sinasalita) Susundin ko ang anumang iutos ng nakatatanda dahil ito ay tama.

(Ako sundon ang tanang sugo kay sakto sila.)

ROSALIE. (sinasalita) Naku, alam mo parang hindi rin. Eh pano ngayon kung iutos ko na sipain mo yung aso at kumupit ka ng pera. Gagawin mo ba?

(Dili pud. Unsaon kung sugoon ka nako nga sipaon ang iro o kaha mangawat ug kwarta. Buhaton nimo?)

TONTON. (sinasalita) Hindi?

(Dili?)

ROSALIE. (sinasalita) Hindi.

(Dili.)

TONTON. (sinasalita) Kasi?

(Kay ngano man?)

ROSALIE. (sinasalita) Mali.

(Dili sakto.)

TONTON. (sinasalita) Mali?

(Dili sakto?)

ROSALIE. (sinasalita) Oo, mali.

(Oo, dili sakto.)

TONTON. Ba't si tatay

Si tatay di ba matanda?

At mahal niya ako … yun ay sabi niya

Mas mahal ba niya 'ko 'pag sinasaktan niya ako?

(Nganong si Tatay?

Dili ba diay siya magulang?
Pinangga ko niya ... mao na iyang ingon
Mas pinangga ba kung sige lag pasakitan?)

ROSALIE. Hindi porke't matanda lagi na lang tama
Hindi dahil bata ka laging mali ka na
Mayroong gumagawa ng mali
Kahit na alam naman nilang mali
At hindi lahat ng tama ay nagbubunga ng maganda.

(Dili kay magulang permi nalang tama
Dili pud kay bata sige lang ka'g kasayop
Naa juy mobuhat ug sayop
Bisag kabalo silag sayop
Ug dli tanang tama, moresulta ug maayo)

TONTON. Ano yun? Nakakalito ka naman.
(Makalibog man.)

ROSALIE. Naku, hindi ka diyan nag-iisa
Hanggang ngayon ako'y litong-lito pa rin
Maraming katanungang mahirap sagutin
Madalas di mo alam kung ano ang gagawin.
Alam mo bang merong diyang munting tinig?
Bumubulong siya diyan sa kanang tenga mo
Timbangin ang bagay-bagay at kami ay gagabay
Minsan tama ang desisyon at minsan nama'y hindi
Pero ang mahalaga'y
Pinag-isipang mong maigi ang dapat mong gawin.

(Sus, wala ka diha nag-inusara
Hangtud karon ako naglibog gihapon
Daghang pangutana lisud na tubagon
Kasagaran di ka kabalo kung unsa ang buhaton
Kabalo ba ka nga naay gagmay tingog?

Sige ra ug hunghung sa imong dunggan

Imong timbang timbangon ug kami moagakay

Usahay sakto ang desisyon ug usahay pud dili

Pero ang importante

Gihunahuna nimu ang angay nga buhaton.)

(Magtoto, 19–20)

(Blanco, 112–113)

Malaki ang kaugnayan ng konsepto ng tama sa usapin ng disiplina dahil sa pangkalahatang prinsipyo na ang sinumang gumawa ng taliwas sa tama ay may kakaharaping konsekuwensiya. Pero madalas, hindi lang simpleng puti at itim ang masusumpungang kulay na nakapaloob sa isang sitwasyon. Nagtapos ang kanta sa tila pagpapalitaw sa konsepto ng konsensiyang násа kalooban ng bawat isa–na may "munting tinig na bumubulong sa tainga"–bilang mahalagang konsiderasyon ng pagtatakda sa kung ano ang tama o mali. Tunay namang may kinalalagyan ang bagay na ito sa proseso ng personal na pagpapasiya, pero ang higit na mahalaga ay ang hindi bastang pagtanggap sa mga bagay na kinamulatan o nanriyan na gaya na lámang ng mga nakagisnang marahas na pamamaraan ng pagdidisiplina at iba pang mga kaugnay na konsepto, sa halip ang kailangan ay kritikal na pagsusuri–"ang pagtitimbang-timbang ng mga bagay-bagay, at ang pag-iisip nang maigi"–na siyang magiging daan túngo sa mas maayos na pasiya.

## DEBRIEFING SESSION: EKSTENSIYON NG DULÂ BÍLANG KONGKRETONG AKTO NG PAKIKIPAGDIYALOGO

Minarapat ng ARTS Zone Project na gawin ang isang bukás na talakayan o talkback o debriefing session pagkatapos ng bawat palabas ng *Rated: PG* upang agad na mapag-usapan ang katatapos lámang na karanasan na panonood ng teatro. Ganito rin ang naging takbo sa palabas ng mga lokal na bersiyon ng dulâ sa mga probinsiya. Hindi natatapos sa panonood ang buong pagdanas ng mga indibidwal na sumasadya sa lugar na pinagtatatanghalan para manood ng isang palabas, bagkus, dahil sa talakayan, pumapaloob din sila sa isang espasyo ng pagpapalitan ng mga idea. Hindi lámang nanatiling tagapakinig ang mga manonood sa ibinabahaging kaisipan dahil kung iibigin niya ay maaari din siyang lumahok at magbigay ng kaniyang sariling opinyon at komentaryo; at kung sakali mang magdesisyon siyang huwag sumali sa talakayan, inaasahang may nangyayaring muni sa kaniyang isipan mula sa pakikinig sa nagaganap na palítan ng mga kaisipan ukol sa pagtatanghal.

Ang pagpapalitaw at pagkalap ng mga naiisip, saloobin, at kuro-kuro ay pinasisimulan ng mga nakatalagang aktor bílang mga tagapagpadaloy. Pagkatapos na pagkatapos ng curtain call, suot-suot pa rin ang costume dahil hindi pa nililisan ang entablado, ay agad nilang pinasisimulan ang talakayan. Ginamit bílang gabay sa direksiyon ng pagtalakay ang sumusunod na mga punto:

Empathy – Did the audience see themselves in similar situations as shown in the play?

Message Clarity – Did the audience understand the ineffectiveness of corporal punishment and the need to employ positive discipline?

Agreement and Lessons – Did the audience agree with the message delivered by the play and what were the lessons imparted? (ARTS Zone Project Evaluation sa Balanon)

Pangkalahatan, naging madalíng simulan at pagulungin ang proseso ng diskusyon. Dahil sa pagnanais na lumahok ng marami, may mga pagkakataong umabot ang talakayan ng mahigit 30 minuto na dapat sana ay nása 15 minuto lámang ang target na haba nitó. Ang masigasig na partisipasyon ng mga manonood ay indikasyon na napukaw ang kanilang damdamin para mangusap ng kanilang naiisip at nararamdaman patungkol sa mga bagay na may kinalaman sa katatapos lámang na dulâ. Masasabi ring naihanda ng natunghayang pagtatanghal ang partisipasyon ng mga manonood sa talkback session. Ang masinop na pagkakalahad ng mga argumento sa dulâ, ang mga magagaang eksena kung saan madaliang nasasakyan ang mga biro at komentaryo maging ito man ay nása iskrip o bahagi na ng kalayaan ng mga aktor na magdagdag ng improbisasyon, pati na ang ilang pagkakataong hiningi ang direktang partisipasyon ng mga manonood sa pagpalakpak at paggaya ng ilang galaw, ay lumilikha ng isang kaligirang bukás na nag-aanyaya at nagbibigay permiso sa sinuman na lumahok at mangusap. Samot-saring mga opinyon, pati na rin emosyon, ang lumilitaw. May mga memoryang nababalikan dahil ang pagbabahagi ng manonood ay kadalasang iniuugnay sa kaniyang personal na karanasan.

Layunin ng talkback session na hindi lámang

sapulin ang inisyal na pakiwari ng madla kundi dalahin ang mga realisasyon at muni mula sa personal na isipan at pakiramdam túngo sa kolektibong espasyong pinagbabahagihan ng mga manonood. Hindi naman kinakailangang nagkakasundo sa opinyon ang publikong magkakasamang nakalugar sa espasyong pinagdausan ng palabas. Sa dahilang realidad ang malawak na pagtanggap sa marahas na disiplina, may mga pagkakataong mariin ang ginagawang pagtatanggol ng ilan kung bakit kailangan at katanggap-tanggap ang pamamalo't pananakit bílang bahagi ng pagdidisiplina. Mamalas sa talastasang ito ng mga kaisipan at pakiramdam ang paglalarawan ni Jill Dolan sa mga manonood na sa pagkikita't pagtatagpo sa teatro ay lumilikha ng "temporary communities" at "sites of public discourse" (10). Mula sa pagdanas ng produksiyong panteatro, ang komunidad na ito ay lumilikha ng imahinasyon ng isang mas maayos na lipunan at mundo. Ang malayang talakayan ay hindi lámang nagpapalawak sa pagninilay ng mga manonood, bagkus ito'y umaalalay rin sa kanila sa kasunod na gawaing paglisan sa teatro upang bumalik sa kanilang mga tahanan at komunidad–mga lugar kung saan talagang nagaganap ang nirerepresentang mga eksenang natunghayan sa entablado. Mga lugar at espasyo itong tiyak na bahagi sila sa paglikha, pagbibigay-buhay, at pagpapanibago para mapainam ang kaparaanan ng pagdidisiplina sa mga batà.

## PANGHULÍNG PUNTO

Malinaw na iniaalok ng mga dulâ ang pakikipagdiyalogo bílang mahalagang salik sa maayos at epektibong pagdidisiplina sa mga batà at kabataan. Naglalahad ang mga dulâ ng isang imahinasyon kung saan matatamasa ng mga batà ang kanilang mga karapatan at hindi makaranas ng abusong nakatago sa korporal na pagpaparusa. Kakabit ng imahinasyong ito ang patuloy na pagsusumikap upang maging epektibong magulang na nakatutugon sa mga pangangailangan ng mga anak, at nakapagtuturo at nakagagabay sa kanila sa kabila ng mga hámong kinakaharap. Higit sa lahat, ang pagtakwil sa mapanakit at marahas na pagdidisiplina ay imahinasyon ng isang lipunang hindi manhid sa kultura ng karahasan.

## MGA SANGGUNIAN


Atienza, Glecy C. "Tanghalan sa/ng Tahanan: Likha at Saliksik sa Dramang Buhay." Bahaginan Research Forum, 20 Nobyembre 2021, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Lektyur. Microsoft Word.

Babayants, Art, at Heather Fitzimmons Frey, mga editor. Introduction "Theatre and Learning: Unwillingly Searching for Tensions." *Theatre and Learning*. E-book, Cambridge Scholars Publishing, 2015, mp. xvii–xxiii.

Balanon, Faye G. *Rated P³G Pamilya, Paaralan, at Pamayanan: A PETA Cultural Campaign*, Philippine Educational Theater Association, 2012.

*Bata, Bata… Pa'no Ka Ginawa?*. Direksiyon ni Chito Roño, tampok sina Vilma Santos, Albert Martinez, Ariel Rivera, Raymond Bagatsing, Carlo Aquino, Serena Dalrymple, atbp., Star Cinema, 1998.

Belarmino-Cariño, Marichu. "ARTS Zone Project Lecture Performance Script." PETA Festival of Windows, Oktubre 28, 2017, PETA Theater Center, Quezon City. Plenary Lecture. Microsoft Word.

Blanco, Felimon. "Istoryahe Lang Ko" halaw sa Rated: PG ni Liza Magtoto. 2013. sa Istoryahe Lang Ko Production Book.

Carandang, Ma. Lourdes A. *Self-worth and the Filipino Child*. Anvil Publishing, Inc., 2004.

———. "What is Mindfulness?, A Learning Session." PETA ARTS Zone Project Faculty Training, 14 Marso 2018, PETA Theater Center, Quezon City. Lektyur.

Dolan, Jill. *Utopia in Performance: Finding Hope at the Theater*. ProQuest Ebook Central, U of Michigan P, 2000.

Durrant, Joan E. *Positive Discipline in Everyday Parenting*. 3rd Ed., Save the Children Sweden, 2017.

Durden, Emma. "Researching the Theatricality and Aesthetics of Applied Theatre." *Matatu, Journal for African Culture and Society*, vol. 44, issue 1, 2013, mp. 269–91. www.researchgate.net/publication/263354177_Researching_the_Theatricality_and_Aesthetics_of_Applied_Theatre. Inakses noong Pebrero 11, 2023.

"Full Show Rated: PG | ARTS Zone TV." *YouTube*, ini-upload ng Philippine Educational Theater Association, May 10, 2020, www.youtube.com/watch?v=mG0OptDrchE.

Jalimao, Roe. "Si Al buda ang Tsinelas" halaw sa Rated: PG ni Liza Magtoto. 2013. PDF.

Kitay, Junsly. "Ahh… Bakus!" halaw sa Rated: PG ni

Liza Magtoto. 2013. *Microsoft Word* file.

———. Personal na panayam. Nobyembre 26, 2022.

Magtoto, Liza. "Rated: PG", ikawalo at panghuling borador. 2010.

Morala, Rachel. *A Journey to Change*. Manila: Philippine Educational Theater Association, 2016.

Nicholson, Helen. *Applied Drama, The Gift of Theater*. UK: Palgrave Macmillan, 2005.

Ramiro, Laurie S., at Patricia B. Luna. "National Baseline Study on Violence Against Children in the Philippines, Executive Summary." Council for the Welfare of Children at UNICEF Philippines, 2016. Inakses noong Pebrero 02, 2021. www.unicef.org/philippines/media/491/file/National%20Baseline%20Study%20on%20Violence%20Against%20Children%20in%20the%20Philippines:%20Results%20(executive%20summary).pdf.

Sa Philippine High School for the Arts (PHSA) unang nagsanay sa teatro si **FREDYL BALANA HERNANDEZ**. Nang makapagtapos sa PHSA, lumahok siya ng Metropolitan Teen Theater League (MTTL), ang pangkabataang sangay ng Philippine Educational Theater Association (PETA), na naging daan sa kaniyang paglubog sa mga produksiyong panteatro, palihan, pestibal, at gawaing pangkultura. Sa kasalakuyan, isa siyang senior artist-teacher member ng PETA, at higit na aktibo sa mga gawaing kabílang sa theater for development at theater-in-education. Taóng 2011–2013, naitalaga siyang Associate Program Director ng Advocate Right to Safety Zone Project for Children na mas kilalà sa tawag na ARTS Zone Project, isang adbokasiyang panteatro na nagsusulong ng karapatang pambata at positibong disiplina. Ang malawak niyang karanasan sa pagsasanib ng teatro at gawaing pangkomunidad ang naging daan upang mapabílang siya sa 2019 Arts for Good Fellowship Program ng Singapore International Foundation na naglalayong pag-ibayuhin ang kalagayang panlipunan sa pamamagitan ng mga inisyatiba sa sining at kultura. Hunyo ng nakaraang taon, naging tagapagpadaloy siya sa Young IDEA Lab ng 9th World Congress ng International Drama and Education Association (IDEA) sa Reykjavik, Iceland. Ngayong 2023, natanggap naman siya bílang Fellow ng Salzburg Global Seminar sa ilalim ng programang Asia Peace Innovators Forum kung saan ibinahagi niya ang ambag ng ARTS Zone Project sa paglában sa kultura ng karahasan sa pamamagitan ng malikhaing pangangampanyang iwaglit ang korporal na pagpaparusa sa mga batà sa dahilang ito'y nagiging isa sa mga behikulo ng pamamayagpag ng dahas sa lipunan. Kasalukuyan din siyang bahagi ng senior high school fakulti ng PHSA, at nagtuturo ng pananaliksik at kritisismo sa teatro.